4

# Gawaing Pampagkatuto sa GMRC

Kuwarter

Linggo 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC**
**Kuwarter 1: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Nimfa S. Medriano, Cristy D. Sagun, Epifania S. Ong |
| **Content Editor:** | Mary Ann Grace B. Dulay |
| **Mechanical Editors:** | Maresita F. Rabino, Gina A. Amoyen |
| **Tagaguhit:** | Mark Jay Q. Bongolan |
| **Tagalapat:** | Abraham G. Ocan, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Marietta S. Caballero, Epifania S. Ong |
| **External Content Validators:** | Catherine C. Elegido, Irene de Robles |
| **External Language Validator:** | Ruen P. Lomo |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Asignatura* | GMRC | *Markahan* | 1 |
| *Linggo* | 2 | *Araw* | |
| *Pamagat/Paksa ng Aralin* | **Katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang** | | |
| *Pangalan* | | *Baitang at Seksiyon* | 4 |

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **1** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Mga Sariling Gawi ng Mabuting Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya** |
| *Layunin:* | Nakakikilala ang mga sariling gawi nang mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Ballpen at papel** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Gamit ang semantic webbing,  ilarawan ang iyong pamamaraan ng iyong mga sariling gawi sa mabuting pakikitungo sa sa iyong pamilya.

*Halimbawa*

Pagtutulungan


Mga Gawi:

Pagtulong sa mga proyekto at gawain

Sama-samang paggawa ng mga gawaing-bahay

Pag-alalay sa mga kapatid sa kanilang pag-aaral

Isulat sa loob ng kahon ang iyong sariling gawi  sa mabuting pakikitungo sa sa iyong pamilya.



| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **2** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Mga Sariling Gawi ng Mabuting Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya** |
| *Layunin:* | Nakakikilala ang mga sariling gawi nang mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Ballpen at papel** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Piliin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng tamang gawi tungo sa masaya at matatag na samahan ng pamilya. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang pagkakaroon nang masaya at matatag na samahan sa loob ng pamilya ay tanda ng:
    a. pagiging mapaglaro at masayahin palagi.
    b. pagiging masyadong makialam sa isa't isa.
    c. pagiging mapagbigay at mapagpakumbaba.
    d. respeto at pagpapahalaga sa sariling damdamin.

2. Dapat kilalanin at intindihin ang mga pagkakaiba-iba ng bawat isa sa pamilya, dahil:
    a. lahat naman tayo ay may kaniya-kaniyang katangian.
    b. walang mangyayari kung mag-aaway lang tayo.
    c. dapat magkakasundo ang lahat ng oras.
    d. lahat ng nabanggit

3. Maglaan ng oras upang magbigay-pansin sa mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat isa. Ito ay nagpapakita ng:
    a. malasakit sa kapuwa bata.
    b. pagiging abala sa paglalaro.
    c. sapat na oras para sa kaibigan.
    d. pagmamahal at pagpapahalaga.

4. Pinapansin ko ang bilin ng aking mga magulang, dahil:
    a. masarap pakinggan ang mga payo nila.
    b. sila ay nagmamalasakit lang sa akin.
    c. totoo ang kanilang mga sinasabi.
    d. lahat ng nabanggit

5. Inaabutan ko ng malamig na tubig sina nanay at tatay pagkagaling nila sa bukid, dahil:
    a. dapat laging mayroong mag-aalaga sa kanila.
    b. mainit ang panahon sa bukid.
    c. gusto kong mauna sa lahat.
    d. sila ay hindi nag-iisa.

***Susi ng pagwawasto***

1. C
2. D
3. D
4. D
5. A



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **3** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Mga Sariling Gawi ng Mabuting Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya** |
| *Layunin:* | Nakakikilala ang mga sariling gawi nang mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Ballpen at papel** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Basahin ang tula. Isulat sa alinmang bahagi ng bahay ang lahat ng mga kailangang gawin ng isang batang katulad mo upang maging masaya at matatag ang samahan ng pamilya sa tulong ng tula.

Unang taon, unang hakbang ng ligaya,
Mga tawanan, luha'y napapawi ng saya.
Pagmamahalan, pag-aaruga'y di matatawaran,
Sa puso't isip, kami'y nagkakaisa't nagmamahalan.

Sa bawat araw, sa bawat taon,
Ang aming pamilya'y laging magkasama.
Sa mga samahan, pagmamahal ay wagas,
Kami'y magpapatuloy, sa saya at tibay na walang kapantay.





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **4** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Mga Sariling Gawi ng Mabuting Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya** |
| *Layunin:* | Nakakikilala ang mga sariling gawi nang mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **Ballpen at papel** |
| *Laang-Panahon:* | **5 minuto** |

**Panuto:** Basahin ang tula at sagutin ang sitwasyon.

Sa tahimik na gabi, ako'y nag-iisip,
Mga magulang abala, sa trabaho'y lubos na nagpipilit.
Sa aking mga kamay, tungkulin ay inilagay,
Pag-aalaga sa kapatid, responsibilidad kong taglay.

Sa umaga, sa pagmulat ng araw,
Bango ng almusal, sa kusina'y abala.
Mga ngiti ng kapatid, aking inspirasyon,
Sa bawat hakbang, pagmamahal ang baon.

**Sitwasyon**

Ang iyong mga magulang ay abala sa trabaho kaya madalas na wala sa bahay. Ipinagkatiwala nila sa iyo ang pag-aalaga sa iyong mga nakababatang kapatid sa tuwing wala sila sa bahay.

Ano-ano ang mga paraan upang magawa mo ng mahusay ang pag-aalaga ng mga kapatid? Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

| |
|---|
| **1.** |
| **2.** |
| **3.** |
| **4.** |
| **5.** |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph